REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 85

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PASASALAMAT KAY G. JOHNNY B. SANTOS, PANGULO AT G. ROELES A. KEUS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, KAPWA NG NESTLE PHILIPPINES, INC. SA KANILANG PAGKAKALOOB NG DALAWANG (2) MOBILE PATROL JEEPS SA TANGGAPAN NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang isang maayos at matiwasay na pamayanan ay nagdudulot ang maunlad at masaganang bayan;

SAPAGKAT, ang pakikipagtulungan ng mga pribadong sektor sa mabubuting layunin ng pamahalaang bayan ay nagbubunga ng mabilis na pagsulong ng bayan;

SAPAGKAT, tungkulin ng bawat mamamayan na panatilihin ang katahimikan at kaayusan sa kanyang kapaligiran;

SAPAGKAT, ang ipinakitang pagmamalasakit at pagtulong nina G. Santos at G. Keus para sa kapakanan ng Bayan ng Muntinlupa ay nagsasaad lamang ng pagtitiwala at pagkilala sa magandang adhikain ng kasalukuyang pamunuan ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na pasalamatan sina G. Johnny B. Santos, Pangulo at G. Roeles A. Keus, Pangkalahatang Tagapamahala, kapwa ng Nestle Philippines, Inc. sa kanilang pagkakaloob ng dalawang (2) mobile patrol jeepney sa Tanggapan ng Pulisya ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't walong (48th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-20 ng Pebrero, 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong
Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kapasiyahan bilang** 85

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
**PANG.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal**

**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**RRC:vts**